BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang ika-100 anibersaryo ng Fire Prevention Week

BRAMPTON, ON (Oktubre 6, 2022) – Mula Oktubre 9 hanggang 15, ang Lungsod ng Brampton, kabilang ang Brampton Fire and Emergency Services, at ang mga isponsor ng event na Enbridge Gas at Dominos, ay kinikilala ang ika-100 anibersaryo ng Fire Prevention Week (Linggo ng Pag-iwas sa Sunog)para makatulong na bigyan ng kaalaman ang komunidad tungkol sa kaligtasan at kahandaan sa sunog.

Ang tema ng taon na ito, tulad ng inanunsyo ng National Fire Protection Association (NFPA), ay “Hindi maghihintay ang apoy. Planuhin ang inyong paglikas!” Ang tema ay para bigyang kaalaman ang bawat isa tungkol sa simple ngunit mahalagang mga aksyon na magagawa nila para panatilihing ligtas ang kanilang mga sarili at ang mga nakapaligid sa kanila mula sa sunog sa bahay.

**Pagpaplano sa paglikas sa bahay**

- Ang mga residente ay dapat mayroong Plano sa Paglikas sa Sunog sa Bahay at magsanay rito dalawang beses bawat taon
- Itakda ang lugar na tagpuan sa labas ng harap ng inyong bahay
- Planuhin ang dalawang paraan palabas ng bawat silid
- Huwag na huwag bumalik sa loob para sa anumang bagay, kabilang ang mga alagang hayop
- Lumabas, manatili sa labas. Tawagan kaagad ang 9-1-1 sakaling may sunog!

Para ipagdiwang ang 100 taong anibersaryo ng Fire Prevention Week, magdadaos ang Lungsod ng Brampton ng mga open house sa mga fire station sa buong lungsod. Maging isa sa naunang 50 pamilya na tumanggap ng 10 taon na walang pag-aalala sa kumbinasyon ng alarma ng usok at carbon monoxide alarm. Magkakaroon din ng mga tour sa fire trucks at mga station.

**Mga Open House**

Martes, Oktubre 11, 2022, 3:30 hanggang 7 pm
Location Station 210, 10530 Creditview Road

Miyerkules, Oktubre 12, 2022, 3:30 hanggang 7 pm
Location Station 206, 7880 Hurontario Street

Miyerkules, Oktubre 12, 2022, 3:30 hanggang 7 pm
Location Station 207, 75 Vodden Street East

Huwebes, Oktubre 13, 2022, 3:30 hanggang 7 pm
Location Station 209, 2691 Sandalwood Parkway East

Media Release

Biyernes, Oktubre 14, 2022, 3:30 hanggang 7 pm
Location Station 202, 280 Bramalea Road

**Mga Link**

- Plano sa paglikas sa bahay
- HPlano sa p[agtakas sa bahay (maramihang wika)e)

**Mga Quote**

“Habang kinikilala natin ang ika-100 anibersaryo ng Fire Prevention Week, mahalagang tandaan na ang kaligtasan sa sunog at edukasyon ay nakakaambag sa Brampton sa pagiging isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod. Hinihikayat ko ang mga residente na bumisita sa mga open house sa panahon ng Fire Prevention Week at buuhin ang inyong plano sa paglikas sa sunog sa bahay para mapanatiling ligtas ang inyong pamilya.”
- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang kaligtasan ay nagsisimula sa inyo. Hinihikayat ko ang mga residente na maging maagap sa kanilang kaligtasan at gumawa ng plano ng paglikas sa sunog sa bahay, dahil makapagliligtas ito ng mga buhay. Bisitahin ang ating mga open house sa inyong lokal na fire station sa panahon ng Fire Prevention Week para malaman ang iba pa!”
- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagkakaroon ng plano sa paglikas sa sunog ng bahay ay mahalaga sa pagbabawas ng kamatayan at pinsala sa sunog. Huwag magmadali sa paggawa ng plano at repasuhin ito kasama ng inyong pamilya para alam ng lahat kung ano ang gagawin kung may sunog sa bahay. Para ipagdiwang ang 100 taon ng Fire Prevention Week, hinihikayat naming ang mga residente na bumisita sa aming mga open house, mag-tour sa bahay at alamin ang tungkol sa pag-iwas sa sunog.”
- *Bill Boyes, Fire Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca